

Prologue

Ang *Malanding-Ugnayan (M.U.)* ay hindi opisyal na relasyon, ginagawa lamang pampalipas-oras ng magkaugnay ang isa't isa. In short, ang M.U. ay isang relasyong hindi seryoso at walang patutunguhan.

Butiki sa Dingding ang tawag kapag ang magkarelasyon ay hindi magkasintahan ngunit may namamagitan sa kanilang pisikal.

Utot sa Ilong kapag sinasabi ng isa na mahal niya ang karelasyon ngunit hindi naman totoo.

Sundot-Tutuli kapag may nobya o nobyo na ngunit lihim na may minamahal pang iba; o kapag

ang taong nasa isang relasyon na ay may isa pang karelayon o kalanding iba.

Ugok na Itlog ang tawag sa papalit-palit ng kasintahan: manloloko, babaero o lalakero.

Eroplanong Papel na Lumilipad ang tawag sa mga paasa.

Nangyayari rin ang *Agawan ng Silya*—ang pag-aagawan sa iisang tao.

Ampalayang Kinayod ang hindi makalimot at mahal pa rin ang taong sinaktan sila.

Kulangot sa Ilalim ng Mesa ang may lihim na pagtingin sa kanilang matalik na kaibigan.

Buntot ni Pepe ang tawag sa taong hinahabol o ipinapaalam sa kanilang iniibig ang kanilang nadarama ngunit binabalewala lang sila nito.

At Lihim na Hardin ang itinatanggi sa sarili na nahulog na ang loob niya o umiibig na siya.

Mayroon ding bawal pang magkarelayon dahil kailangan munang unahin ang pag-aaral at makatapos ng kolehiyo. Ang tawag sa kanila ay *Libro sa Kisame*.

Bahaghari sa Mata ang may lihim na pagtingin sa isang taong hindi sila kilala o pinapansin. Sila

ay naduduwag lapitan ang kanilang iniibig, hindi nila maipaalam ang kanilang nararamdaman. Ang tanging kaya lang nilang gawin ay titigan ito mula sa malayo. Kilala rin sila bilang *torpe*.

Ang huli ay ang *Bulaklak sa Desierto*. Sila ang mga wala pang nagiging kasintahan.

Isa sa mga *Bulaklak sa Desierto* si *Rafflesia* Magalintang a.k.a. Rapy. Siya ay hindi katangkaran. Mahaba ang kanyang buhok ngunit lagi iyong nakapusod. Bilugan ang kanyang mga mata at makapal ang mga pilik. Maluluwag na T-shirt at mahahabang pang-ibaba ang kanyang madalas suotin, parang lalaki siya kung kumilos. Iyon ang nakikita niyang paraan upang hindi lokohin o bolahin ng mga lalaki. Babaero ang tatay niya, dahilan para maging ilag siya sa opposite sex. Wala rin siyang tiwala sa sinasabi ng mga ito.

Ang paniwala ni Rapy, wala nang lalaking matino sa kanyang henerasyon dahil uso na ang *flirting, open-relationship* at *it's complicated*. Para sa kanya, hindi totoong nararamdaman ang love sa puso. Dikta iyon ng utak. Madali para sa iba ang sabihing mahal nila ang isang tao pero bukas-makalawa, iba na ang mahal nito.

Habang naglalakad si Rapy palabas ng gate

ng kanyang paaralang *Academia De Manila*, may gumulong na mansanas sa kanyang paanan. Napatingin ang dalaga sa direksyong pinanggalingan ng prutas. Nasira pala ang lalagyan ng mga mansanas ng isang tinderang nasa gilid ng kalsada. Pinulot niya ang prutas sa lupa at lumapit sa tintera upang ibalik iyon. Napangiti ang tintera at napatingin sa likurang direksyon ni Rapy. Lumingon si Rapy upang malaman kung sino ang tinitingnan ng tintera.

“May hindi ka napansin,” sabi ng tintera.

Kalalabas lang ni Knight Alcantara mula sa gate ng academy. Hindi kaguwapuhan ang binata, ngunit may kakaibang malakas na karisma. Habulin ito ng mga babae, sikat at certified malandi. Matangkad at medyo maputi ang kutis nito. Hindi kalakihan ang hubog ng katawan, pero panalo ang mapang-akit na ngiti.

Bahagyang nasipa ng paa ni Knight ang isang mansanas. Pinulot nito iyon, inamoy at napangiti marahil sa bango ng prutas. Ipinunas nito ang mansanas sa suot na polo bago iyon kinagatan, pagkatapos ay tuluyan na itong naglakad palayo sa gate ng academy.

Napatingin muli si Rapy sa tintera.

Hinawakan ng mga kamay ng tintera ang kamay niya na may hawak na mansanas. Napangiti ang tintera at sinabing, “Isa kang mahalimuyak na bulaklak. Hindi mo lang napapansin, pero may nakamasid sa ’yo mula sa malayo.”

Sabi ko na, ako ang rafflesia na hindi mabaho.

Chapter One

Nakanguso habang naglalakad sa gilid ng kalsada si Rapy patungo sa academy. Bitbit niya ang kanyang backpack at hila-hila ang isang travelling bag sapagkat nilayasan na naman niya ang kanyang amang babaero.

“Haay, saan ako pupunta nito? Wala akong matitirahan!” himutok niya sabay tingala sa langit. “Bakit ba papalit-palit ng babae ang tatay ko? Kailan ba siya magmamahal nang totoo? Kailan?” sigaw niya sa langit. “Sagutin mo ’ko, bigyan mo ako ng sig—” Bago pa siya matapos sa kanyang sasabihin, may likidong pumatak mula sa langit at sakto ang bagsak n’yon sa kanyang pisngi.

Pinunasan niya iyon gamit ang kanyang kamay. “Ito na ba ’yon?” Inamoy niya iyon at dumampi sa tuktok ng kanyang ilong. Naamoy niya ang sobrang baho na umabot sa kanyang lalamunan. Napaubo siya at pinunasan ang kanyang ilong. “Kadire! Ipot!” maarte niyang sabi sabay punas ng kamay sa pader.

Pagkatapos niyang mag-inarte at magreklamo sa kamalasang hiniling sa langit, kumalam ang kanyang sikmura dahil hindi pa siya nag-aalmusal.

Napahawak si Rapy sa tiyan. “Sige na, anak-namin-ni-Daniel-na-sawa, kakain na tayo, ah. Shh ka na.” Nagpatuloy siya sa paglalakad. “Sa susunod hindi na ako hihingi ng sign, pati langit nagjo-joke time rin.” Tumingala siya nang kaunti. “Kapag hindi ka na busy, huwag ka nang mag-joke, ah. Seryoso kaya ako.”

Dumeretso muna sa likod ng academy si Rapy. Marami roong nagtitinda ng tusok-tusok at mga karinderia. Saktong nandoon din si Knight. Napapalibutan ito ng apat na mga lalaki na taga-ibang eskwelahan.

Napailing lang si Rapy dahil sa kunsumi kay Knight. “Hindi pa talaga siya natuto. Hay buhay, parang life. Di ba, *Koya?*” tanong ni Rapy sa lalaking saktong pasubo na ng fish ball.

Tumango na lang ang lalaki sabay kagat sa pagkain.

Nakigulo si Rapy sa mga taong kumakain ng fish ball, kumuha siya ng stick at nagtusok ng fish balls at hotdogs mula sa kumukulong mantika sa kawali.

“Sinabihan na kitang lubayan mo ang syota ko,” sabi ng mukhang suso na lalaki kay Knight. Suso, dahil makapal ang labi nito at kulay itim pa, parang walang ginawa sa buong buhay kundi humithit ng sigarilyo.

“Ang boring mo kasi kaya trip ako ng syota mo,” mayabang na sagot ni Knight.

Dahil hindi matanggap ng lalaking suso na mas guwapo kaysa rito si Knight, napikon ito at sinapak sa mukha ang kaharap, ngunit nakaiwas ang huli.

“Oy, sapakan!” sabi ng lalaking kumakain sa karinderia. Lahat ng kumakain ay napatigil upang manood kila Knight.

“Ang lupit talaga ni Knight!” sabi pa isang lalaki.

Tinadyakan ni Knight ang nguso ng lalaking suso, ngunit sinasapak ito sa pisngi ng isa pang lalaki, habang ipinulupot naman ng isa pang lalaki ang braso nito sa leeg ni Knight. Nagpumiglas ang

binata, hinawakan ang braso ng lalaking sumasakal dito, pagkatapos ay yumuko at ibinalibag ang kalaban sa lupa.

Bumangon muli ang lalaking suso, pinunasan ang basag na nguso at sinubukang sapakin muli si Knight, ngunit nasalag ito ni Knight at sinikmuraan ang lalaking suso.

Ang isa pang lalaki ay hinawakan ang balikat ni Knight para iharap ito at upang basagin ang mukha. Tinamaan ang huli at bahagyang napaupo sa lupa at nakaramdam ng pagkahilo. Tinangka itong sipain ng isa pang kasamahan ng lalaking mukhang suso pero nahawakan ni Knight ang paa nito, pinilipit iyon at tinanggalan ng suot na sapatos. Pagkatanggal ni Knight sa sapatos, nangibabaw ang amoy-malansang isda. Napangiwi si Knight at ibinato sa mukha ng lalaki ang sapatos nito. Muling tumayo si Knight upang makatikim ng double-kick sa dibdib ang isa pang lalaki.

Napatingin si Rapy kila Knight at namangha siya sa husay ng binata sa pagsipa, pagsapak at pagbalibag sa mga kaaway.

Bruce Lee lang ang peg, sound effect na lang ang kulang. Hiyaa! isip ni Rapy sabay tusok ng hotdog sa kawali, na parang kinakarate iyon. *Mapapagod*

din ang mga 'yan. Dahil lang sa isang babaeng-hipon magpapatayan sila? Ang dami kayang babae d'yan, kagaya ko!

Masayang napangiti si Rapy pagkatapos niyang kumuha ng mga kakainin mula sa mainit na kawali.

“*Itadakimasu!*” masaya niyang sabi.

Pakagat na sana siya ng fish ball—nang may lalaking bumunggo sa kanya. Nabitawan niya ang hawak niyang stick na marami nang nakatusok na fish balls at hotdogs. Pupulutin pa sana niya ang pagkain dahil wala pa namang five minutes, ngunit may lalaking nakaapak doon.

Napanganga si Rapy at hindi siya makapaniwala na napat at nasayang ang pagkain. “A-ang pagkain ng anak ko,” nanghihinayang niyang sabi habang maluha-luhang nakatitig sa stick.

Napatingin siya sa paligid, siya na lang pala ang nandoon. Malapit na pala sa kanya ang mga nagsasapakan. Wala na ang nagtitinda ng fish ball, pati na rin ang mga taong kumakain kanina. Lahat ay nasa gilid na ng kanto, nakatingin at maluha-luha rin dahil siguro sa masaklap na inabot ng pagkain niya.

Habang walang-awa pa ring pinagbubugbog

ni Knight ang apat na kalaban nito, may lalaking nakatalikod na matutumba sana kay Rapy. Pero nakaiwas ang dalaga at napahiga ang lalaki sa lupa.

Hindi ko na matiis. Ayoko sa lahat 'yung may nasasayang akong pagkain!

Palapit ang isang lalaki kay Knight para sana sapakin ang binata, ngunit hinawakan kaagad ni Rapy ang balikat nito upang iharap sa kanya, sabay tinuhod sa babang parte ng lalaki. Namilipit ito sa sobrang sakit.

Pagkatapos, dumampot si Rapy ng dalawang malalaking bato sa lupa at ibinato ang isa sa ulo ng lalaking kasapakan ni Knight.

“Aray! Sinong—” Napahawak ito sa ulo at napalington kay Rapy.

Saktong paglingon nito, ibinato ng dalaga ang isa pang malaking bato at nasapol ang mukha ng lalaking suso. Nahimatay ito at napahiga sa lupa.

Bago lumapit kila Knight, kinuha muna ni Rapy ang isang garapon ng sawsawan ng fish ball. Gamit ang isang daliri, tinikman niya muna kung manghang iyon. Lumapit siya sa isa pang lalaki at kinalabit ito.

“Ano—” Paglingon ng lalaki, ibinuhos ni Rapy

sa mukha nito ang laman ng garapon. “—Waaah!” Napatakip ito sa mukha at naglupasay sa lupa.

Ayos, naka-knock down ako ng apat! Turo ata sa 'kin 'yon ng tatay ko! Hinipan ni Rapy ang kanyang kamao na parang umihip sa kandila sa ibabaw ng cake.

Napangiti siya nang makarinig ng palakpakan sa buong paligid at hiyawan ng mga tao. Napatingin siya kay Knight, puno ng mga pasa ang mukha nito at putok ang labi. Pinagmasdan nito ang apat na lalaking naghandusay sa lupa.

“A-a-ayos ka, ah,” sabi ni Knight, hinihinal.

Hinawakan ni Rapy ang braso ng lalaki. Humarap sila sa mga tao na nagsilbing tila audience at nag-bow sa mga ito. Mala-prinsesa na bahagyang itinaas niya ang laylayan ng kanyang palda.

“Maraming salamat po sa inyong panonood, nawa’y manood pa kayo sa susunod niyang laban at sana huwag n’yo nang kakalimutang pumusta. Salamat.”

Lalong naghiyawan ang mga tao at nagpalakpakan.

“A-ano ako, si Pacquiao?” asar na tanong ni Knight.

“Dahil sa basag mong mukha, ’onting sapak na lang kahawig mo na siya. Ayusin natin, medyo masakit lang ’to, ah.” Sasapakin sana ni Rapy ang mukha ni Knight upang tuluyan na itong maging kamukha ni Pacman pero nakaiwas ang huli.

“Ayos ka ri—”

Napatigil si Knight nang may lalaking sumigaw ng, “Pulis!”

Nanghina ang mga tuhod ni Rapy, napaligon siya sa likuran upang i-double check kung talagang may mga pulis.

“D’yan lang kayo!” Babala ng isa sa tatlong pulis na palapit sa kanila.

“Takbo!” Biglang hinigit ni Knight si Rapy patakbo.

“Tumigil kayong dalawa!” sabi pa ng isang pulis.

Kinabahan at nakaramdam na siya ng takot. Napatigil siya sa pagtakbo upang balikan ang travelling bag niyang naiwan. Napabitiw siya sa pagkakahawak ni Knight kaya napatigil ito.

“Bakit?” iritadong tanong nito.

Kinuha ni Rapy ang travelling bag at ibinato iyon kay Knight. Sa sobrang lakas ng pagkakahawak, nasaktan ang dibdib ng lalaki at napaubo ito.

“Pakibuhat naman. Thank you! Takbo!” aniya sabay hila sa lalaki.

Sumigaw ang isang pulis ng “Tigil!” pero hindi pa rin sila tumigil sa pagtakbo. Mas binilisan pa niya ang pagtakbo at inunahan na si Knight dahil ayaw niyang mahuli.

“O-oy!” reklamo ni Knight.

“B-bilisan mo! Maabutan nila tayo!” tarantang sabi ni Rapy.

Paliko na sila sa isang kanto nang may kotseng humarang sa daanan. Napatigil sila, bumukas ang bintana ng kotse.

“Dali! Sakay na!” sigaw ng isang lalaking guwapo na naka-suit.

Ampogi!

Dahil guwapo ang driver, nagmamadaling binuksan ni Rapy ang pinto ng kotse. Isasara niya na sana ang pinto, nang may humila pabukas galing sa labas.

“Ako pa!” Pumasok rin sa loob ng kotse si Knight.

Nang makapasok ito sa loob, humarurot ng takbo ang kotse palayo sa mga humahabol na pulis.

Napatingin si Knight kay Rapy. “I-ikaw ’yung

anak ni Manong Florencio, di ba?” humihingal na tanong nito.

Huminga muna nang malalim si Rapy. “A-ako nga.”

Napangiti ito at pinunasan ang labi nitong pumutok. Napahanga ito sa ginawa ni Rapy at sinabing mana siya sa kanyang ama.

“Thank you, iniligtas mo na naman ako,” anang binata.

“Hindi kita iniligtas, nainis kasi ako, nasayang ’yung pagkain. Gutom pa naman ako, bad trip,” inis na sabi ni Rapy.

Nakatakas nga sila sa mga pulis, sinermonan naman ng lalaking-poging-naka-suit si Knight. Ito si Fall, ang nakatatandang kapatid ng binata.

Habang nagsesermon, ang tao na dapat sana ay makikinig sa pangaral nito ay nakatulog na.

“Isipin mo naman si Mama, Knight! Inaatake pa siya ng nerbiyos kapag nalalaman niyang napapa-trouble ka!” asar na sabi ni Fall.

“Tulog na po siya,” ani Rapy habang nakatingin sa natutulog na lalaki.

Para siyang inosenteng bata na nasubsob ang mukha sa sahi.

“Gwapo ba?” biglang tanong ni Fall.

Inalis ni Rapy ang pagkakatitig sa mukha ni Knight at namula ang kanyang mga pisngi. Napatingin siya sa rearview mirror at nakitang nakatitig si Fall sa kanya.

Umiling ang dalaga bilang sagot.

“Anak ka ng personal guard ni Papa, di ba? Ano nga ulit ang pangalan mo? Ikaw ba ang bago niyang nilalandi?” Inginuso ni Fall ang kapatid nito.

Napakunot ng noo si Rapy at umiling. “Ako po si Rapy, anak ni Florencio Magalintang. Hindi po ako nakikipaglandian kay Knight.”

“Ikaw din ’yong tumulong kay Knight n’ung tapunan siya ng asido, di ba?” usisa pa ni Fall.

Tumango lang si Rapy.

Humanga ito sa lakas ng loob ni Rapy na makisali sa pakikipag-away ni Knight at sa muling pagliligtas nito sa kapatid nito.

“P’wede ka bang maging bantay o personal guard ni Knight? Mahigit beinte-mil kada buwan ang sahod at may dalawang milyong pisong insurance.”

Kumislap ang peso signs sa mga mata ni Rapy at walang pag-aatubili siyang pumayag na maging

personal guard ni Knight.

“Mangako ka sa ’kin na kahit ano’ng mangyari tutulongan mo si Knight sa mga trobol niya,” seryosong sabi ni Fall.

Dahil nadala si Rapy sa laki ng perang makukuha niya, napapayag siya. “Pangako sa ’yo, ipaglalaban ko sa hirap at ginhawa si Knight Alcantara. Sincerely yours, Rafflesia Magalintang. PS: Mabango ako, hindi mabaho.”

Humalakhak ang lalaki. “D-di ba pinakamabahong bulaklak ang rafflesia? Bakit ’yan ang pangalan mo? Puwede namang Sampaguita para mabango!” Muli itong humalakhak.

“Ewan ko rin ba sa tatay kong abnoy.” Asar na sumimangot si Rapy.

Chapter Two

nihatid ni Fall sina Rapy at Knight sa bahay na tinutuluyan ng huli. Bago umalis si Fall, may pinapirmahan muna ito kina Knight at Rapy. Ipinaalam nito sa nakababatang kapatid na simula sa oras na iyon ay personal guard na nito si Rapy.

Hindi makapaniwala si Knight at tumutol. “B-babae? Personal guard ko?”

“Hindi, hindi! Bakla ako! Hindi ba obvious na babae ako?” Napatingin si Rapy sa dibdib niya. “Hindi porke’t flat ang boobs ko beki na ako!”

Humalakhak si Fall at inakbayan si Knight upang italikod sa kanya. “Bro, alam ko namang

matagal mo na siyang trip. Ito na ang chance mo, tinutulungan lang kita,” anito sabay tapik sa balikat ng kapatid.

Namula ang mga pisngi ni Knight at napalunok. Humarap muli si Fall kay Rapy upang magpaalam.

Nagpasalamat si Rapy at sinabing sagot niya na si Knight. “Miski lamok at bangaw hindi ko hahayaang lapitan siya,” mayabang na sabi ng dalaga.

Nang makaalis si Fall, hindi mapigilan ni Knight ang mapangiti. Inakbayan nito si Rapy upang ilapit sa tagiliran nito. “Ngayong personal guard na kita, dapat lagi kang nasa tabi ko, kahit sa pagtulog,” biro ng lalaki.

Kinuha niya ang braso ng lalaki na nakapatong sa kanyang balikat at pinilipit iyon. “Baka gusto mong ako ang bumugbog sa ’yo, Bro?” maangas na sabi niya.

Namilipit sa sakit si Knight at humingi ng paumanhin, nakiusap para bitiwang braso nito. Pinakawalan naman iyon ni Rapy.

“A-aray, hustler ka ’ata,” reklamo nito.

Pinagmasdan ng dalaga ang labas ng bahay, malawak iyon. Kahit isang palapag lang, mistula

iyong mansyon dahil sa laki at disenyo. Puti ang dominanteng pintura. Gawa sa kahoy ang malaking pinto, may CCTV, at granite ang sahig.

Bago pumasok si Knight sa pinto, napansin nito ang travelling bag ni Rapy. “Ano’ng laman n’yan?”

“Taong pinatay ko,” biro ni Rapy. “Jokla, mga damit ko.”

“Bakit, saan ka pupunta?” usisa pa ng lalaki.

“Ahm.” Pasimpleng itinago ni Rapy ang travelling bag sa likuran niya. “Kahit saan lang.”

Medyo napangiti ito. “Don’t tell me naglayas ka na naman sa inyo?”

Ngumuso siya at tumungo.

Bahagyang natawa si Knight. “Iwan mo na ’yang mga gamit mo rito sa bahay. Balikan mo na lang mamaya after class.”

Nagtaka si Rapy at tinanong ang binata kung papasok pa silang dalawa.

“Oo papasok tayo, ’yun nga lang half-day na.” Pumasok si Knight sa bahay at sinundan niya ito. Taranta niyang pinaalalahanan ang binata na baka balikan sila ng mga kaibigan ng lalaking mukhang suso. Natawa lang si Knight at sinabing hindi ito

natatakot dahil may personal guard naman daw ito.

“Nagawa mo pa talagang matawa? Paano kung pati ’yung mga pulis hunting-in tayo? Ayoko ngang maging preso! Panira ’yon sa *NBI Clearance*, kailangan pa naman ’yun sa trabaho!” protesta ni Rapy.

Lalong natawa si Knight, napatigil lang dahil kumirot ang mga sugat sa mukha. “Aray. Gamutin mo na lang ’tong sugat ko, kukuha lang ako ng gamot.”

“Bakit ako pa gagamot? Hindi mo ’ko nurse, personal guard mo ’ko. Keri mo na ’yan malaki ka na!” ani Rapy.

Bahagyang nabigla si Knight sa sinabi ni Rapy dahil akala nito kahit papaano ay type ito ng dalaga. “Di ba sa mga ganitong scenario, kapag nabubugbog ang bidang lalaki dapat gamutin ng damsel in distress?”

“Excuse me! Ikaw ang damsel in distress, ako ang knight in shining armor mo,” pagmamalaki ni Rapy.

Humalakhak ito. “Walang k’wenta. Sige na, ako na gagamot. Psh. Mayroong isang bakanteng kuwarto d’un sa kanan,” anito sabay turo sa isang

hallway na puro pinto ng mga kuwarto.

Ayon kay Knight, puwedeng gamitin ni Rapy ang bakanteng kuwarto na iyon. Lumakad ang binata patungo sa isang pinto at nagbilin bago siya tuluyang pumasok doon.

“Raf, kung nagugutom ka, maraming pagkain sa ref,” anito.

Tumango lang si Rapy bilang sagot, abala kasi siya sa pagmamasid sa laki at ganda ng bahay. Namangha siya nang makita ang isang 49-inch flat-screen TV. Malaki ang sofa, carpeted ang sahig, malawak ang loob ng bahay at moderno ang kusina.

Binuksan niya ang ref, halos tumulo ang laway niya nang makitang puno iyon ng pagkain. Halos hindi na makita ang ilaw sa loob dahil sa dami ng pagkaing nakatambak doon.

Sa hallway ng mga kuwarto, may pitong pinto na halos magkatapatan. Binuksan niya ang pinto ng kuwartong itinuro ni Knight kanina. Napangiti siya sa saya dahil queen-size ang kama at maaliwalas ang kuwarto. May sariling C.R. at aircon ang silid. Tumakbo siya palapit sa kama at ibinagsak ang kanyang katawan doon upang magpagulong-gulong.

Inamoy niya ang unan, na halos masinghot na niya nang buo. “Ang bango! Ang lambot! Ang ganda! Dito na lang ako, forever!” masaya niyang sabi.

Hanggang sa hindi niya namalayang nakatulog na pala siya.

Pagkalipas ng ilang oras, kumatok si Knight. Nang hindi sumagot si Rapy, binuksan ng binata ang pinto upang silipin kung nandoon pa ang personal guard. Pagkapasok, bumungad sa kanya ang may kalakasang hilik habang nakadapa sa kama si Rapy.

Napangiti si Knight, may mga nakadikit na *Band-Aid* sa mukha ng binata.

Lumapit pa siya kay Rapy at umupo sa gilid ng kama upang pagmasdan ang pagtulo ng laway ng babae habang natutulog.

Napakagat si Knight sa labi upang pigilan ang pagtawa. “Tulo-laway,” mahina niyang sabi.

Nakanganga si Rapy habang tumutulo nga ang laway sa gilid ng labi. Nakangiting tinitigan ito ni Knight at marahang hinaplos ang gilid ng mukha ng dalaga.

“This time, hindi ko na hahayaang hindi mo

ako mapansin, Raf,” anang binata, sabay halik sa buhok ni Rapy.

Pagkalipas ng isang oras pagkaalis ni Knight sa bahay, nagising na rin si Rapy at nagmadaling pumunta sa academy para sa afternoon classes. Nang mag-uuwian na, nagtungo si Rapy sa Administration Office ng academy dahil ipinapatawag siya.

Lumapit siya sa front desk upang itanong kung bakit ipinapatawag siya.

“Bakit, sino ka ba?” mataray na tanong ng babaeng nasa front desk.

Si Kris Aquino! Kapatid ni PNoy. Bakit? Palag ka, ha?

Sinabi ni Rapy ang buo niyang pangalan, pinapasok siya ng babae upang lapitan ang lamesa ng isang babaeng officer na may hawak ng applications para sa scholarship sa college.

Mapapansin ang maraming papel na nakapatong sa mesa nito, halos matabunan na ang babaeng officer.

Lumapit si Rapy rito. “Ma’am?”

Mababakas din na simula kaninang umaga pagkagising ng babaeng officer ay hindi pa ito

nagsusuklay.

Hindi nga 'ata 'to naligo...

Tumingin sa kanya ang babae habang may isinusulat sa papel. “O?” sigang sabi nito.

Muntik nang tumili si Rapy nang makita ang mga mata ng babaeng officer na mistulang mga mata ng white lady. Sobrang kapal ng maiitim ang eye bags nito.

Napalunok muna siya. “Ipinatawag n’yo raw po ako?”

“Oo, umupo ka. Nabalitaan namin ang nangyari kanina. Napaaway ka?” mataray na tanong ng babaeng officer.

“H-hindi po! Napadaan lang po ako, hindi po ako kasama sa away nila!” depensa kaagad ni Rapy.

Sinabi ng babaeng officer na pumunta roon si Knight Alcantara kanina at ito mismo ang nagsabi na kasama si Rapy sa gulo.

“Sorry, pero tanggal ka na bilang isa sa mga candidates sa scholarship para sa college,” sabi nito.

Napatayo sa pagkabigla si Rapy. “Ho? H-hindi po p’wede!”

“Sorry, pero puwede. Kung hindi ka nakisama sa

Knight na 'yon, malamang may scholarship ka pa. Umalis ka na, marami pa akong gagawin," iritadong taboy ng babaeng officer.

Nanlambot ang buong katawan ni Rapy, hindi siya makapaniwala sa mga narinig. Sinubukan niyang makiusap kung pupuwedeng bigyan siya ng isa pang pagkakataon. Ngunit hindi na pumayag ang babaeng officer. Pilit pa ring nagmakaawa si Rapy kahit na pinapaalis na siya nito.

Inangat ng babae ang phone sa gilid ng mesa nito. "Guard, may baliw dito. Pakihuli," anito, at ibinaba na ang phone.

Bago pa kaladkarin ng guwardiya palabas ng office si Rapy, nagkusa na siyang umalis. Pakiramdam niya ay mahihimatay na siya sa sobrang shock.

Bakit naman kasi niya sinabi na kasama ako? Kailangan kong makausap ang Knight na 'yon, lagot siya sa 'kin.

Hinanap niya si Knight sa buong academy bago umuwi. Binuksan niya ang bawat pintong nadadaan. Pagbukas niya ng isang pinto, sumalubong sa kanya ang palabas ng silid na si Knight.

Tiningnan niya ito nang masama.

“Bakit?” sigang tanong ni Knight.

“Sinabi mo na kasama ako sa trouble? Nang dahil d’un nawala ang scholarship ko para sana sa college!” inis na sabi ni Rapy.

Ngumiting pang-asar lang ito sa kanya. Lalampasan na sana siya nito ngunit ihinarang ng dalaga ang braso niya sa pintuan.

“Bawiin mo ang sinabi mo sa kanila, kailangan ko ang scholarship na ’yon,” utos niya.

“Gusto mong magsinungaling ako? Maraming nakakita na nakisali ka. Kasalanan ko ba kung nakigulo ka sa ’min?” pang-aasar pa nito sabay tulak sa braso niyang nakaharang para hindi makalabas si Knight.

Sa wakas nakausap ko rin siya. Wala na siyang kawala sa ’kin. Lulubusin ko na ’to. Makapagpapogi nga, naisip ni Knight.

Nang makalabas na ng classroom, inilabas ni Knight ang isang cap mula sa backpack at isinuot iyon sa ulo.

Nakaisip naman ng kalokohan si Rapy. Inihanda niya ang kanyang mga paa at pinaikot ang kanyang leeg hanggang sa may narinig siyang nag-crack.

Ngumisi siya habang pinagmamasdan si Knight na naglalakad sa corridor.

Ready me? tanong ni Rapy sa sarili.

Napangiti si Knight, pakiramdam ng binata ay si Rapy na mismo ang lumalapit dito.

Ngayon ko lang ulit naramdaman ang kabahan nang ganito. Huminga si Knight nang malalim at napahawak sa dibdib.

Huminga muna nang malalim si Rapy. “Ready! Hiya!” At tumakbo siya patungo kay Knight.

Napalingon si Knight kay Rapy. Kaagad na kinuha ng babae ang cap sa ulo nito at nagpatuloy sa pagtakbo.

“Akin na ’yan!” sigaw ni Knight, sabay habol kay Rapy. “Yari ka sa ’kin kapag nahuli kita!”

Ayos, magiging close na kami. Para kaming magsyotang naghahabulan sa beach dahil sa sweetness. Nand’yan na ako, Honey! natutuwang saloob ni Knight.

Binunggo lahat ni Rapy ang mga estudyanteng nadaanan niya sa corridor. Lahat ay nagreklamo at nainis. Habang tumatakbo palayo, lumingon si Rapy kay Knight para belatan ito.

Kinilig naman si Knight at inisip na lang na kunwari ay flying kiss iyon. Itinaas nito ang braso at kunwa'y kinuha ng kamay ang kiss mula kay Rapy.

Para hindi pagkamalang baliw sumigaw ang binata, “Alis d’yan! Pigilan n’yo ang babaeng ’yan!” Itinuturo nito si Rapy.

Paglingon ng dalaga, dalawang metro na lang ang layo sa kanya ni Knight. Sinubukang abutin ng binata ang kanyang blouse. Muntik na nito iyong maabot ngunit bumilis ang takbo ni Rapy pababa ng hagdan.

“Tumigil ka!” nanggagalaiting sigaw ni Knight.

Umabot ang takbuhan nila sa labas ng academy, hanggang sa nadapa ang dalaga sa lupa at nabitiwan ang cap na hawak. “A-aray.”

Napatigil sa pagtakbo si Knight, nagmadaling tumayo si Rapy at hinanap ang gora—at napanganga siya nang makitang nasa malaking dumi na iyon ng hayop.

Napalunok si Rapy at sinimulan nang kabahan. “S-sorry! Hindi ko sinasadya!” Napatingin siya kay Knight, bakas sa mukha nito ang pagkabigla habang nakatitig sa cap nito na nasa tae. Kinuha ng dalaga ang cap, dahan-dahan iyong iniangat. “Lalabhan ko

na lang.”

Pagkakuha niya, nangibabaw ang mabahong amoy. Mahahalatang bago ang cap ng binata.

“L-loko ka, ah,” inis na sabi ni Knight. Lalo siyang kinabahan nang sumigaw ito. “Yari ka talaga sa ’kin!”

Tatadtarin kita ng kisses! anang binata sa sarili.

Kaagad binitiwang ni Rapy ang cap sa dumi. “Hehe. ’Ayan na,” aniya sabay takbo ulit palayo sa lalaki.

“Huwag kang papahuli sa ’kin, sasakalin kita hanggang mamatay ka!” banta ni Knight.

Habang-buhay kitang ikukulong sa mga braso ko. Nge, korni ko. Psh.

Patakbo si Rapy sa tawiran nang makita niyang naka-stop sign at naglalakad ang ilang tao papunta sa kabilang kalsada. Limang segundo na lang bago umandar ang mga sasakyan, pinagsikapan niyang bilisan pa ang pagtakbo upang hindi maabutan ni Knight. Pinilit niyang makaabot kahit masakit at pagod na ang kanyang mga tuhod.

May dalawang segundo pang natira ay nakatawid na siya. Tumigil siya sa pagtakbo at napaluhod sa lupa. Pagod, hinihinalang at masakit ang

mga kalamnan ni Rapy sa binti. Umupo muna siya para makapagpahinga, napansin niya si Knight na nasa kabilang kalsada at hindi makatawid dahil sa mga sasakyang dumadaan. Natawa siya sa saya.

“Yari ka sa ’kin!” sigaw nito sabay turo sa kanya mula sa kabilang kalsada.

Napangiti si Rapy. “Mukha mo!”

“Pogi!” sigaw nito pabalik.

Natawa si Rapy. *Assumero din ’to.*

Dahan-dahang siyang tumayo upang pumara ng jeep. *Kailangan ko nang makaalis dito bago pa niya ako mahuli.*

Pumara siya ng jeep at sumakay, ngunit tumigil muna ang jeep para magsakay pa ng mga pasahero. Napansin ni Rapy na limang segundo na lang ay makakatawid na si Knight. Sumigaw siya at sinabi sa driver na umalis na. Pero hindi pumayag ang driver sapagkat hinihintay nito ang mga taong tatawid mula sa kabilang kalsada.

Nang magpalit ang ilaw nakangiting nakakaloko si Knight habang patakabong tumatawid papunta sa kanya. Nagmadaling bumaba si Rapy ng jeep upang pumara ng iba.

Itinaas niya ang dalawa niyang kamay.

“P-pasakay! Dalian mo, Manong!”

Papunta pa lang sa kanya ang jeep, tumakbo na siya palapit dito upang makasakay kaagad habang umaandar iyon. “Umalis ka na, Manong! Huwag ka nang tumigil! Dalian mo!” sigaw niya sa driver.

Bago pa siya tuluyang maabutan ni Knight, humarurot na ng takbo ang jeep.

“Tigil!” sigaw ng binata habang hinahabol ang jeep.

Natuwa naman si Rapy at binelatan si Knight.

Kinalabit si Rapy ng isang matandang babae na katabi niya. “Boyfriend mo? Guwapo, ah.”

Medyo natawa siya. “Opo, hiniwalayan ko na kasi pogay! Juice ko, natalo ang pagkababae ko. Hindi niya matanggap na mas maganda ako sa kanya! Echosera.”

Madaling-araw na nang bumalik siya sa tinitirahan nila ni Knight. Sinadya niyang magpaumaga ng uwi upang hindi maabutang gising ang lalaki. Para siyang magnanakaw dahil dahan-dahan siyang naglakad palapit sa pinto ng kanyang kuwarto. Tahimik ang buong paligid ng bahay at tanging ang kaba lang ng puso niya ang kanyang naririnig.

Napangiti siya sapagkat nakapasok siya sa bahay nang buhay. Ngunit pagbaling ng dalaga, napasigaw siya sa gulat.

“Waaah!”

Nasa harapan na pala niya si Knight. Nakangiti ito nang nakakaloko habang nakatitig sa kanya.

“Akala mo makakatakas ka?” May banta sa boses nito.

“S-sorry! Hindi ko sinasadya, Bossing!”
Sinubukan ni Rapy na humingi ng tawad.

“Ngayon nagmamakaawa ka? Paano ba ’yan? Wala pa naman akong awa pagdating sa babae.” Hinawakan ng index finger at thumb nito ang baba niya at itinapat ang mukha niya sa mukha nito. Ngumisi si Knight. “Balita ko wala ka pang nagiging boyfriend. Malamang wala ka pang first kiss...”

Kinabahan lalo si Rapy at nakaramdam ng init. Napasandal ang likod niya sa pinto, hinawakan niya ang doorknob sa kanyang likuran.

“Bossing...”

“Paano kung sabihin ko sa ’yong trip kita?”

Nanghina bigla ang mga tuhod ni Rapy.

*Mga lalaki talaga, kung mang-trip tagos sa puso!
Ngayon ko lang naranasan na may lalaking ganito
kalapit sa 'kin...*

“Huwag kang matakot, hindi naman masakit ang halikan.” Unti-unting inilapit ni Knight ang mga labi nito sa kanya.

Mabilis ang tibok ng puso ni Knight.
Napalunok ang binata at ipinikit ang mga mata.

Ito na. ITO NA! masaya nitong sabi sa isip.

Bago pa magdampi ang labi nilang dalawa, ipinihit ni Rapy ang doorknob sa kanyang likuran. Pagbukas ng pinto, natumba sa sahig si Knight at nasubsob ang nguso sa lapag.

Muntik na! Sayang! nanghihinayang na sabi ng lalaki sa isip nito.

Nabigla si Rapy nang makita sina Addy, Eva, Luca, James at Alvin. Sa academy rin pumapasok ang mga ito, at apparently, doon din nakatira sa bahay.

“Knight?” ani Luca.

Dahang-dahang tumayo si Knight.

Tinanong ni Addy kung sino ang babaeng kasama ni Knight sa kuwarto.

Hinigit ni Knight si Rapy. “Personal guard ko. Simula ngayon dito na siya titira at lagi na siyang sa tabi ko,” nakangising saad nito.

“Nabalitaan mo na ba ang nangyari kay Kuya Fall? Akala ko nandoon ka ngayon,” di-makapaniwalang sabi ni Addy.

Umiling si Knight at sinabing hindi nito alam kung ano ang nangyari kay Fall.

Lumunok muna si Addy. “N-na-ambush siya kanina.”